


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN III



MODYUL 12

ANG REPORMASYON



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue

Pasig City







MODYUL 12 ANG REPORMASYON



Hindi lubos na maisisipi sa bagong siyentipiko pamamaraan ng mga tao sa panahon ng Renaissance ang paghina ng simbahan. Dahil sa pagmamalabis at pagasasamantala ng simbahan at Kapapahan ang institusyong di-natitinag ng panahon ay unti unti nang humina. Sa modyul na ito, susuriin ang mahalagang bahaging ginampanan ng Simbahang Katoliko sa paglakas ng Europa; ang pagtalunton sa simula at paglaganp ng Repormasyon, na pinangunahan at pinagtagumpayan nina Martin Luther at John Wycliffe. Ilalahad din sa araling ito ang naging kasagutan ng Simbahang Katoliko na nagbigay- daan sa Kontra Repormasyon.



May apat na araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Bahaging ginampanan ng Simbahang Katoliko sa paglakas ng Europa
-  Aralin 2: Repormasyong Protestante
-  Aralin 3: Repormasyong Katoliko; Kontra Repormasyon
-  Aralin 4: Mga epekto at kahalagahan ng Repormasyon sa Kasaysayan



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maisalaysay ang bahaging ginampanan ng Simbahang Katoliko sa Panahong Midyibal;
2. Masusuri ang mga dahilan kung bakit tumiwalag sa Simbahang katoliko ang mga lider ng mga Protestante;
3. Mailalarawan ang katauhan ng mga lider ng Protestantismo;
4. Maipaliliwanag ang mga Prinsipyong ipinaglaban ng mga Protestante;
5. Matutunton ang mga bansa kung saan lumaganap ang Protestantismo;
6. Maisusulat ang mga paraan ng kontra-Repormasyon; at

7. Mahihinuha ang mga bunga ng Repormasyon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot:

1. Krisis sa relihiyon kung saan ang mga bansang Katoliko ay yumakap sa ibang Relihiyon
 - A. Kontra-Repormasyon.
 - B. Renaissance.
 - C. Great Schism.
 - D. Repormasyon

2. Papa na nagbawal sa mga pari na mag-asawa
 - A. Paul I.
 - B. Gregory VII.
 - C. Leo the Great.
 - D. Gregory IV.

3. Pangunahing bansa na tagapagtanggol ng Katolisismo
 - A. Portugal.
 - B. Alemanya.
 - C. Espanya.
 - D. Estados Unidos.

4. Nagpasimula sa Repormasyong Protestante
 - A. Martin Luther.
 - B. Henry VIII.
 - C. John Calvin.
 - D. Ulrich Zwingli.

5. Ito ay ang tagapagbili ng Kapatawaran
 - A. Indulhensiya.
 - B. Great Schism.
 - C. Index.
 - D. Inquisition

6. Samahang itinatag na binuo ng mga taong pumipigil sa pagpapalaganap ng Protestantismo
- | | |
|----------------------|------------------|
| A. Konseho ng Trent. | C. Indulhensiya. |
| B. Calvinist. | D. Inquisition. |
7. Bansang pinagmulan ng Repormasyong Protestante
- | | |
|--------------|---------------|
| A. Espanya. | C. Alemanya. |
| B. Portugal. | D. Inglatera. |
8. Ang itinatawag sa kalaban ng mga Katoliko
- | | |
|-----------------|---------------|
| A. Muslim. | C. Humanista. |
| B. Protestante. | D. Iskolar. |
9. Pagpupulong na isinagawa upang pg-usapan ang kahinaan ng Simbahan
- | | |
|-------------------|-----------------------|
| A. Parlamento. | C. Konseho ng Trent. |
| B. Great Council. | D. Estates - General. |
10. Samahan ng mga tapat na Katoliko upang paunlarin ang Simbahang Katoliko
- | | |
|-------------------|---------------------------|
| A. Great Council. | C. Repormasyong Katoliko. |
| B. Humanista. | D. Hinduismo. |
11. Tinaguriang “Defender of Faith” dahil sa pagtatanggol ng Katolisismo laban sa Lutheran noong 1520
- | | |
|----------------|---------------|
| A. Henry VIII. | C. James I. |
| B. Edward VI. | D. Henry III. |
12. Misyonerong tinaguriang “Apostle of the Indies” dahil sa mga kahanga-hanga nitong nagawa
- | | |
|------------------------|----------------------------|
| A. St. Francis Xavier. | C. Gregory VII. |
| B. Henry III. | D. St. Ignatius of Loyola. |

13. Argumentong tumutuligsa sa pagbili ng Indulhensiya

- A. Utopia.
- B. Songbook.
- C. 95 theses.
- D. In Praise of Folly.

14. Isang tala ng mga aklat na ipinagbabawal basahin ng mga Katoliko

- A. 39 Articles.
- B. Index.
- C. Inquisition.
- D. 95 theses.

15. Batas na naghihiwalay sa Simbahan ng England sa kapangyarihan ng Papa

- A. 95 theses.
- B. 39 articles.
- C. Bill of Rights.
- D. Act of Supremacy.

16. Panuntunang isinulat ng lupon ng mga obispong Ingles noong 1563 bilang batayan ng paniniwalang Simbahang Anglikano

- A. Index.
- B. Institue of Christian Religion.
- C. 39 Articles.
- D. 95 Theses.

17. Ang namuno ng Repormasyon sa Pransya

- A. Ulrich Zwingli.
- B. Henry VIII.
- C. John Calvin.
- D. Martin Luther.

18. Samahang itinatag ni St. Ignatius of Loyola na naglalayong pangalagaan ang mga Katoliko at pabalikin ang mga Protestante na magbalik sa Katolisismo

- A. Inquisition.
- B. Great Council.
- C. Council of Trent.
- D. Society of Jesus.

19. Aklat ni Luther na nagsasaad ng pakiusap sa mga namumunong Aleman na ituwid ang mga kamalian ng simbahan at ihinto ang lahat ng pagbabayad sa Rome

- A. Index.
- B. Address to the Christian Nobility of the German Nation.
- C. 39 Articles.
- D. 95 Theses.

20. Ang namuno ng Repormasyon sa Switzerland

- A. Ulrich Zwingli.
- B. John Calvin.
- C. Martin Luther.
- D. Henry VIII.

ARALIN 1

BAHAGING GINAMPANAN NG SIMBAHANG KATOLIKO SA PAGLAKAS NG EUROPA



Nasa araling ito ang pagtalakay kung paano kumilos ang Simbahang Katoliko noong Panahon ng Midyibal upang palakasin ang Europa. Binibigyang diin din nito ang pagkilala ng mga barbaro sa Kristyanismo at ang pagkakasangkot ng simbahan sa suliraning pambansa.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mapahalagahn ang bahaging ginampanan ng Simbahan sa paglakas ng Europa;
2. Mailalahad ang pagkilala ng mga barbaro sa Kristyanismo; at
3. Masusuri ang pagkakasangkot ng Simbahan sa suliraning pambansa.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Magsimba at Magmasid

- A. Sa iyong pagtungo sa Simbahan ano ang iyong napapansin? Itala ito.
- B. Pagpangkat-pangkat ang iyon napansin sa pagitan ng mga paniniwala, tagasunod at taong naglilingkod sa simbahan.

Paniniwala	Tagasunod	Taong naglilingkod

--	--	--

Pagkilala ng mga Barbaro sa Kristyanismo

Ang paghina ng Empeyong Romano ay nagsisimula sa pagkakahati ng Imperyong Romano sa Kanluran at Silangang Bahagi na lalo pang pinalubha ng pagsalakay ng mga tribong Aleman – Franks, Saxon. Burgundian, Visigoth, Ostrogoth, Sueve, Olan, Vandal, sa kanlurang Europa na humantong sa pagbagsak ng Roma sa kamay ng mga Goths noong 476 CE. Sa panahong ito, nagsimula na ang tinatawag na Panahong Midyibal o Panahon ng Kadiliman. Sa yugtong ito ng kasaysayan ng kanlurang Europa, lubhang naging mahalaga ang papel na ginampanan ng Simbahang katoliko sa paglakas ng Europa.

Sa pagkakatatag ng Banal na Imperyong Romano, sa panahon ni Leo III (Papa 795 – 816), hindi nagpabaya ang Simbahang Kristiyano sa pagpapalagnap ng kanilang relihiyon, Hinirang nila si Charlemagne, ang hari ng mga Frank upang maging emperador nito. Ang mga Frank sa pamumuno ni Charlemagne ang maagang yumakap sa pananampalatayang Kristyanismo. Ipinagpatuloy ito ni Haring Clovis, sa sumunod na dantaon, dumami na ang mga tagasunod ng pananalig na ito. Mula hilaga hanggang silangang Alemanya, dinala nila ang pananampalatayang ito,

Sa panahong Midyibal, nagtatag ay simbahan ng makapangyarihang instrumento sa pagpapalaganap ng Kristianismo: ang monasteryo. Sa loob ng monasteryo, hindi lamang pagdarasal at pagmumuni-muni ang ginagawa ng mga monghe. Naging repositoryo o tagapag-ingat ng mga lumang kasulatan na siya nilang itinatanging papel na pagkalat ng kaalaman sa Gitnang Panahon. Matiyaga nilang kinopya ang mga sulatin ng mga bantog na gurong Kristiyano at maging ng mga Romano. Nagsilbi din ang monasteryo na paaralan ng mga artisano, ospital, pahingahan ng mga manlalakbay at kanlungan sa panahon ng kaguluhan.

Itinatag din ng simbahan ang mga sumusunod na paaralan: paaralang pamparokya para sa pagbabasa, pagsulat at doktrina ayon sa doktrina ng simbahan mayroon din paaralan sa pag-awit, episkopal para sa gawaing pansimbahan.

Pagkakasangkot ng Simbahan sa Suliraning Pambansa

Noong una, nakikialam lamang ang simbahan sa suliraning ispiritwal ng mga tao. Nagsimula ang suliranin sa usaping pangnonomina sa mga Obispong mangangasiwa sa mga kahariang nakapaloob sa Emperyo. Naging madalas ang hidwaan sa pagitan ng Papa at Emperador. Ang isyu tungkol sa mga pribilehiyo ng simbahan tulad ng hindi pagbabayad ng buwis, eksemptyon ng mga taong-simbahan sa kumukupkop sa mga umiiwas sa kaparusahan.

Nagpalabas agad si Pope Gregory VII (1073 – 1085) na tapusin na ang alitan na ito sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga emperador at hari sa paghirang ng sarili nilang mga kandidato sa pagkaobispo na tinatawag na *lay investiture*, na ang layunin lamang ay makihati sa nakokolektang buwis ng Simbahan. Ipinahayag ni Papa Gregory VII, na lahat ng taong-simbahan ay dapat igalang at sundin bilang alagad ng Diyos, at ang Papa ay may kakayanang magpaalis ng mga emperador o hari.

Maraming hari, isa na rito si Henry IV ang hindi sumunod sa kautusan ng Papa na alisin ang *lay investiture*. Nagpatawag si emperador Henry IV ng sunod na pagpupulong ng Simbahan na ang layunin ay para patalsikin ni Papa GregoryIV. Dahil dito, bilang ganti, inekskomunika ng Papa si Henry. Napilitang humingi ng tawad si Henry sa Papa para lamang matapos ang gusot na ito. Pinatawad siya ng Papa pagkatapos paghintayin siya sa labas ng palasyo ng tatlong araw na nakapaa sa niyebe. Ilang taon, si Henry naman ang nanggipit kay Papa Gregory na nauwi sa tuluyang pagbibitiw ng huli.

Matapos ang alitan sa kasunduan sa Council of Worms 1122, na ang mga pari na ang pipili ng Obispo at abbot ay namumuno sa lupain pero kailangan may pagsang-ayon ng mga hari.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Pagsunud-sunurin ayon sa kahalagahan 1 bilang pinakamahalaga at 8 bilang di gaanong mahalaga. Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

MGA NAGAWA NG SIMBAHAN

1. Ginawang Kristyano ang mga barbarong Aleman
2. Pinag – isa ang kanlurang Europa
3. Itinatag ang batayan ng Kabihasnang Midyibal
4. Pinamahalaan ang Edukasyon
5. Nagbukas ng Ospital
6. Kinalinga ang mga mahihirap, ulila at manlalakbay
7. Pinangalagaan ang mga aklat at iba pang tala o record
8. Pinagbuti ang pagsasaka



Tandaan mo!

- Sa pagbagsak ng Roma noong 476 CE, nagtulong ang simbahan at mga mamamayan upang mapangalagaan ang kalinangan ng imperyo.
- Upang ipakita at ipalaganap ang Kristiyanismo, ang hari ng mga Franks na si Clovis ang namuno sa Kanlurang Europa, samantalang sa Inglatera naman ay si St. Augustine. Sa Ireland, pinamunuan ni St. Patrick ang pagpapalaganap ng relihiyong Katoliko, at si St. Boniface naman ang nagpakilala nito sa Alemanya.
- Sa panahong midyibal, malaki ang ginampanang tungkulin ng simbahan sa aspeto ng edukasyon sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga paaralan.
- Mayroon ding kapangyarihan ang simbahan na makialam sa suliraning ispiritwal ng mga tao, ito ay nagbigay sa kanila ng karapatan upang tawaging isang estado ang Papa.
- Ang pagkakalipat ng tahanan ng Papa mula sa Roma (Italy) sa Avignon (France) at pagpapapanatili doon ng 70 taon ay nagresulta sa Great Schism kung saan

nagkaroon ng dalawang magkaribal na Papa na ang bawat isa ay nag-aangkin ng pagiging Banal na Ama.

- Ang pagkakatatag ng mga malalakas na nasyon estado ay tanging malaking balakid sa awtoridad ng Papa.
- Ang Rebolusyong Intelektwal ang isa sa mga naging dahilan upang magsimulang mag-alinlangan ang mga mamamayan sa mga aral at gawi ng simbahan.




Gawain 3: Paglalapat

Pagkatapos mong malaman ang kahinaan ng simbahan, tukuyin kung alin ang pang-ispiritwal, pampulitikal, pangkabuhayan at pangsosyo-kultural.

PANG-ISPIRITWAL

PAMPULITIKAL



PANGKABUHAYAN

PANSOSYO-KULTURAL

gayunpaman hindi nagpabaya ang mga Katoliko Romano, sinimulan nila ang pagbabago sa sariling relihiyon nang hindi binabago ang kanilang doktrina.

Isa sa pumuna sa simbahan ay isang Ingles na si **John Wycliffe**(1320-84). Naging bahagi ng mga doktrina ng mga Protestante ang kaniyang paniniwala na ang tao ay maaaring makipag-usap ng tuwiran sa Diyos at hindi na kailangan ng simbahan at mga pari. Ang doktrina ng Transubstiation ay kanya ring kinuwestyon, ito ay ang pagtanggap ng ostiya at alak bilang katawan at dugo ni Kristo.

Lumitaw si **John Huss** (1369-1415), isang Bohemian na naging tagasunod at nagtuloy sa ipinanukala ni Wycliffe. Binansagan niyang “Institusyon ni Satanas” ang institusyon ng pagka Papa.

Inatake naman ng Italyanong si **Girolano Bonarola** (1452 – 1528) ang karangyaan ng simbahan at Estado. At si **Erasmus** (1466- 1536) sa kaniyang **Praise of Folly** (Papuri sa Kamangmangan) itinuloy niya ang pagreporma sa masamang gawain ng mga pari.

Bagamat malungkot ang sinapit ng mga repormistang ito (sinunog sila bilang erehe) ang kanilang nasimulan ay pinagpatuloy at binigyang kaganapan sa katauhan ng isang Aleman na si Martin Luther.

Martin Luther, Ama ng Protestanteng Paghihimagsik

Isang mongheng Augustinian at naging Propesor ng Teolohiya sa Unibersidad ng Wittenberg. Nabagabag siya at nagsimulang magduda ng mabasa niya ang kaibahan ng katuruan ng simbahan sa katuruan ng Bibliya tungkol sa kaligtasan....”Ang pagpapawalang sala ng Diyos sa mga tao ay nagsisismula sa pananampalataya, at naging ganap sa pamamagitan ng pananampalataya ”(Roman 1:17)

Ang pag-aalinlangan at pagdududa ni Martin Luther sa bisa at kapangyarihan ng mga relikyang ay kanyang napatunayan sa pagdalaw niya sa Roma noong 1571. Nagpasiklab ng galit ni Luther ang kasuklam-suklam na gawain ng simbahan, ang pagbenta ng indulhensya, kapisasong papel na nagsasaad at nagpalabas na ang grasya ng Diyos ng maaring ipagbili at bilhin para sa kapatawaran at kaligtasan ng tao. Para kay Luther ang tanging daan tungo sa kaligtasan ay ang buong pusong pananampalataya sa Diyos.

Napag-alaman na ni Luther na isinagawa ni John Tetzel, isang Prayleng Dominikano, ang pagbebenta ng indulhensya na iniutos ni Pope Juluis II, na ipinagpatuloy ni Pope Leo X, para sa pagpapagawa ng mas lalong pinagandang simbahan na St Peter's Basilica.



Martin Luther

Ang hindi pagsang-ayon ni Luther sa patakaran ng simbahan tungkol sa pagkamit ng indulhensya, ang nagtulak sa kanya para ipaskil sa pintuan ng simbahan, noong ika-31 ng Oktubre, 1517 ang kanyang “Siyamnapu’t limang Proposisyon”(Ninety-five theses)

Bukod sa hindi pagkilala sa proposisyon ni Luther, binalaan pa si Luther ng ekskomunikasyon at pagpapalabas ng Papal Bull noong Hulyo 1520, binigyn siya ng animnapung araw na palugit para pabulaanan ang kaniyang mga tuligsa sa Simbahang Katoliko. Pagsunog sa dokumento sa harap ng maraming tao ang naging kasagutan ni Luther na nagresulta sa pagdeklara s kanya bilang erehe. Kinupkop siya ng mga makapangyarihang tagapagtanggol, mga prinsipe at hari na nagnanais na makalaya ang lokal sa simbahan sa mga imposisyon ng panghihimasok ng Roma. Itinungo siya sa palasyo ng Wartburg na pag-aari ni Haring Elector Frederick ng Saxony. Sa panahong ito, nagkakaroon siya ng pagkakataon na isalin ang Bibliya sa Aleman na lalong nagpatingkad

sa kanyang katanyayagan. Sa pagbabalik niya sa Wittenberg noong 1522, naitatag ang simbahang Luther.

Nagbigay ng maling interpretasyon ang pag-atake ni Luther sa simbahan. Sa udyok ng mga panatikong tagasunod ng relihiyon, nagkaroon ng Digmaan ng mga Pesante noong 1524 na tumagal ng dalawang taon. Sa kapakanang ito, bagamat walang kinalaman ni Luther, siya ang naging tampulan ng sisi, dahil dito, ang Lutherianismo sa Timog Alemanya ay hindi nagtagal at nagbalik sigla sa lakas ng Katolisismo.

Isinasaad ang mga paniniwala at aral ng Lutherianismo sa AUGSBURG CONFESSIONS na inihanda nina Luther at Philip Melanethon. Binigyan din ng dokumentong ito ang mga kredo at katuruang Lutheran, na ang tao ay naliligtas sa pamamagitan ng pagtanggap at pananalig kay Jesus lamang at hindi sa mga sakramento ng simbahan o paggawa ng kabutihan. Ang tanging awtoridad para sa buhay ispiritwal ng tao ay nasa Bibliya lamang.

Kumalat sa iba't-ibang bayan ng Alemanya ang kapangyarihan ni Luther. Noong taong 1529, nagbigay ang mga sumusuportang estado at bayang Aleman ng isang “protestasyon”- ang pinagmulan ng salitang “Protestante”(ang mga sumasalungat sa mga mamamayang Katoliko) sa emperador ng Banal na Emperyong Romano na nananawagan sa pagwawakas sa paghihimagsik ng simbahan. Pagkatapos ng ilang taong alitan ng Protestante at Katoliko Romano na hanggang humantong sa digmaan, tinapos ni Charles V ang panrelihiyong digmaan sa pamamagitan ng paglagda sa “Kapayapaang Augsburg” noong 1555. Nasasaad sa kasunduan na kilalanin ang kapangyarihan ng mga hari o namumuno na malayang pumili ng relihiyonang kanilang nasasakupan.

Ang Calvinismo at iba pang mga Simbahang Protestante

Sa Geneve, Switzerland ang kilusang Repormista ay pinamumunuan nina Jean Corin (1509-64) tunay na pangalan John Calvin. Noong 1536, ipinalabas ni Calvin ang kanyang aklat na **The Institute of Christian Religion**. Katipunan ito ng mga paniniwala ng mga Protestante na kung tawagin ay “*predestination*” ayon sa kaniyang paniniwala sa kapalaran bago pa man isinilang ang tao, nakaguhit na sa kanyang palad kung anong uri

ng buhay dito ang mapapasakanya. Kaya ang bawat tao, bago pa isilang, ay nakatakda ng mabuhay sa loob o sa labas ng biyaya ng Diyos. Isa pang prinsipyo ng Calvinism ay ang payak na pamumuhay, naniniwala sila na ang mundo ay seryosong lugar at ang tao ay nabubuhay dito hindi upang magsaya. Ang lahat ng kamunduhan at iba pang luho sa buhay ay mga bagay na nagmula kay Satanas.

Sa kalaunan, lumitaw sa buong Europa ang iba't-ibang sekta ng Calvinism. Isang disipulo ni John Calvin, si John Knox ang nagtatag ng Simbahang Presbyteria sa Scotland at nang makarating ito sa Inglatera, tinawag itong Puritanismo.

Mayroon ding isang grupo na hindi kasing dami at kasing tanyag ng mga tagasunod ng Lutheranism at Calvinism, ang tawag sa sektang ito ay Anabaptist na ang ibig sabihin ay “Binyagang Muli”. Naniniwala ng grupong ito na ang sakramento ng binyag ay nararapat lamang ibigay sa taong nasa wastong gulang na para gumawa ng sariling desisyon kung talagang gusto nilang sumapi sa sektang ito. Isang sangay pa ng Preotestantismo ay ang Socinian, pinaniniwalaan nila na si Kristo ay isang dakila at mahusay na guro at hindi dapat na ituring na Diyos; at ang mga Armenian, na bagamat naging tagasunod ng Calvinism, naniniwalang ang tao ng malayang piliin ang kanyang landasin sa buhay, taliwas sa mga aral ng Calvinism, na itinakda na ng Diyos ang kasasapitan ng tao. Ang mga unang sekto ng Protestantismong nabanggit ang nagbigay daan sa mga kasalukuyang Simbahang Protestante.

Ang Repormasyon sa Inglatera

Sa Inglatera, naging pinuno ng Repormasyon ay si Haring Henry VIII (1509-1547). Dati siyang tagapagtanggol ng Katolisismo laban sa mga Lutheran noong 1520, kaya iginawad sa kanya ng Papa ang titulong “Tagapagtanggol ng Katolisismo”. Nagsimula ang paglaganap ng Protestantismo sa Inglatera ng hindi sinasang-ayunan ng Papa Clement VII ang pagpawalang-bisa ng kanyang kasal kay Catherine ng Aragon. Itinitibok ng puso niya noon at gustong pakasalan ay si Anne Boleyn, na sa paniniwala niya ay mabibigyan siya ng anak na lalaki upang maging tagpamana ng trono, na hindi naipagkakaloob sa kanya ni Catherine ng Aragon.

Kahit walang permiso ang Papa, pinakasalan ni Henry si Anne Boleyn, dahil dito inekskomunikado siya ng Papa. Ito ang naging mitsa sa paghihiwalay ng Simbahang Inggles sa Roma. Bilang ganti, naglabas si Henry ng diskreto mula 1529 hanggang 1536 na nagtatatag sa ilalim ng Act of Supremacy (1534) na nagdeklara sa hari bilang pinakamataas na puno ng simbahan ng Inglatera. Ang Inglatera ay naging tunay na Protestante sa mahabang pamumuno ng anak ni Henry at Anne Boleyn na si Elizabeth I (1558-1603).



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

PAG-AARAL NG KASO:

Martin Luther

Sa mga repormista, hindi makakasagip ng kaluluwa ang simbahan bagkus isa lamang itong institusyon. Sa doctrinal na pananaw ni Martin Luther, ang Bibliya ang siyang susi sa kaligtasan ng tao. Ang paniniwala niyang ito ang naging dahilan upang tawagin siyang erehe. Kung susunurin ang ipinaglalaman ni Luther, ang kanyang tinututulan ay ang mga “paghahandog” na ang tinapay at alak ay magiging katawan at dugo ni Kristo. Para sa mga repormista, ang alak at tinapay ay simbolo lamang. Ang magliligtas sa mga tao sa kanyang kasalanan ay ang pamumuhay ng maayos, panalangin at pagsamba sa Maykapal. Ito ay hindi lamang gawa ng tao kundi pagpapala ng Maykapal.

Ang kanyang mga pananaw ay inyong mababasa sa kanyang mga sumusunod na 95 Theses:

Out of love for the truth and the desire to bring it to light, the following propositions will be discussed at Wittenberg, under the presidency of the Reverend Father Martin Luther, Master of Arts and of Sacred Theology, and Lecturer in Ordinary on the same at that place. Wherefore he requests that those who are unable to be present and debate orally with us, may do so by letter.

In the Name our Lord Jesus Christ. Amen.

Tanong:

Pagtuunan mo ng pansin ang nabanggit na impormasyon sa pag-aaral ng kaso. Alin sa mga sumusunod na ideya ang iyong susuportahan o paniniwalaan?

1. Si Martin Luther ay isang debotong Katoliko na nagnanis lamang na dalisayin ang Simbahang Katoliko
2. Si Martin Luther ay isang rebeldeng naghahangad na baguhin at magtatatg ng relihiyong humihiwalay sa Simbahang Katoliko.



Tandaan Mo!


- Malaking pagbabago ang naganap sa Simbahang Katoliko noong 14-17 dantaon kung saan maraming mga turo at gawi ng simbahan ang direktang tinulugsa ng mga repormista.
- Sina John Wycliffe ng England, John Huss ng Bohemia, Savaranola ng Italy at Erasmus ng Totterdam ang kilalang repormistang nanguna sa pangunguwestyon hinggil sa pagpapalawak ng ari-arian at luho ng Papa, pagbenta ngposisyon ng simbahan, mga imoralidad ng mga pari at mga doktrina ng simbahan na taliwas sa turo ni Kristo.
- Si Martin Luther, ama ng protestanteng paghihimagsik, ang lalaking nanguna sa pagbabago ng imahe ng ka-kristyanuhan.
- Ang paghihimagsik ni Luther ay sinamanatala ng mga magsasaka na mag-aklas laban sa kanilang mga panginoong my lupa ay nagbunga ng malaking pinsala sa timog na bagi ng Alemanya na nagresulta sa pagkasira ng adhikain ng mga Lutheran.

- Sa kabila ng pagkasira ng pangalan ni Martin Luther, mabilis pa ring umunlad ang kanyang itinatag na kilusan.



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Itala ang mga suliranin ng Simbahang Katoliko ayon sa kanilang mga uri o kategorya.



**Mga Suliranin ng Simbahang
Katoliko ayon sa mga
Repormista
Mga Suliranin ng Simbahang**

PINANSYAL	ISPIRITWAL	MORALIDCE

Gabay na tanong

1. Sa kasalukuyang panahon, lutang na lutang pa ba ang mga suliraning ito? Bakit?
2. Kung ikaw ay isang Katoliko noong panahong iyon ay mananatili ka pa ba sa kinagisnang pananampalataya? Bakit?

ARALIN 3

KONTRA REPORMASYON



Ang Kontra-Repormasyon ang naging kasagutan ng Simbahang Katoliko sa mga gawain ng mga Protestante. Ang magiging paksa sa araling ito.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mapahahalagahan ang mga dakilang nagawa ng mga misyonero;
2. Matatalakay ang Konseho ng Trent; at
3. Maipaliliwanag ang tinatawag na Inquisition.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

DEMONSTRASYON

Isipin mo na ikaw ay isang amo o may-ari ng isang kumpanya at sa di inaasahang pangyayari ay nagsagawa ang iyong mga empleyado ay nagsagawa ng

protesta laban sa iyong pamamalakad. Maghanda ng isang sanaysay ukol sa iyong isasagawang hakbang bilang kontra sa isinagawang Protesta.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

STORYTELLER

The Inquisition sometimes used "ordeals" to determine guilt or innocence, confident that God would give victory to an innocent person and punish the guilty. In the "Trial of the Cross" both parties, accuser and accused, stood before a cross with arms outstretched. The first to drop his arms was judged guilty. In the trial by cold water, the accused was tied up and lowered into water. If he sank, he was innocent. If he floated, he was guilty.

- from the Medieval Inquisition, Albert Clement Shannon, 1983

Tanong:

1. Sa kasaysayan ng Pilipinas ginamit din ng ating mga ninuno ang "trial by ordeal" bilang bahagi ng kanilang kultura.
2. Makatarungan ba ang ginamit na pamamaraan ng Inkwisisyon sa pagsugpo sa paglaganap ng Relihiyong Protestante?



Tandaan mo!


- Ang tagumpay ng himagsikang Protestante at paghihiwalay ng marami sa Simbahang Katoliko ay naging babala sa Papa upang magsagawa ng aksyon.
- Nagtatag ang simbahang Katoliko ng mga kilusan upang pagbutihin ang pananampalatayang Katoliko.
- Sa Council of Trent nagkasundo upang magsagawa ng reporma ang simbahan hinggil sa mga depekto nito tulad ng pagbenta at pagbili ng opisyo ng simbahan at pagbabawal ng pagtatalaga ng mga hari o karaniwang pinuno sa simbahan.

- Lalong pinalakas ang Inquisition na siyang maglilitis sa mga kaso ng erehe o pagtaliwas sa mga turo ng simbahan.
- Binuo ang Society of Jesus na nagpapakita ng espiritong military. Sila ang mga lalaking subok sa katapatan, lakas ng karakter at matalino.



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Itala ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng paniniwalang Repormasyon(Protestant) at Kontra- Repormasyon(Simbahang Katoliko) . Bilang mag-aaral paano mo tinatanggap ang mga ideyang taliwas sa iyon paniniwala



ARALIN 4

MGA EPEKTO AT KONTRIBUSYON NOONG PANAHON NG REPORMASYON



Sinasabi ang relihiyon ay isang gabay sa buhay upang maisakatuparan ang pangangailangang ispiritwal sa pagbagsak ng Imperyong Romano, umusbong at napag-isang muli ang Europa sa pamamagitan ng Simbahang Katoliko. Dulot ng mga pagbabago sa panahon sabay ang pagbabago sa pag-iisip ng tao umusbong ang mga kontradiksyon sa simbahang Katoliko nagpasimula ng panibagong paniniwala at hidwaang panrelihiyon.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mahihinuha ang bunga ng Repormasyon;
2. Mapahalagahan ang epekto ng Repormasyon sa kasalukuyang panahon;



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

WORDHUNT

T	O	N	I	A	T	C	E	A	T	E	R	I	F
L	U	T	H	E	R	A	N	P	O	M	R	E	I
S	C	E	S	H	I	L	P	R	L	A	E	R	O
E	S	I	N	G	L	V	E	F	O	M	P	G	U
E	R	E	V	E	R	I	W	E	R	M	O	H	J
R	H	U	G	U	E	N	O	T	S	A	R	J	G
T	S	I	N	G	L	I	A	S	E	R	M	B	D
Y	C	E	C	I	L	S	U	D	D	T	A	N	Z
U	Z	S	W	M	E	T	H	O	D	I	S	T	W
R	U	G	R	A	T	S	O	H	M	N	Y	G	Y
T	O	N	I	L	O	V	E	R	E	D	O	E	R
H	E	L	P	S	A	K	R	A	M	E	N	T	O

LUTHERAN
CALVINIST

HUGUENOTS
METHODIST

REPORMASYON
SAKRAMENTO

Epekto at Kahalagahan ng Repormasyon

Malaki ang pagbabagong naganap sa Simbahang Katoliko noong ika-14 hanggang 17 dantaon , kung saan maraming mga gawi at turo ng simbahan ang tinuligsa ng mga repormista partikular sa imoralidad at pagmamalabis ng simbahan.

Naging tanyag ang pangalang Martin Luther bilang “ Ama ng Himagsikang Protestante” na siyang namuno sa paglaban sa mga depekto ng simbahan. Ang kanilang layunin ay hindi upang sirain ang Simbahang Katoliko kundi upang maging bukas ang simbahan sa mga pagbabago o reporma. Hindi nagustuhan ng Papa at ng mga kawani ng simbahan ang pagtatagumpay ni Luther kaya’t tinapatan nila ito ng Council of Trent, Inquisition, at Society of Jesus na naglalayong pagbutihin ang pananampalatayang Katoliko.

Ang walang tigil na iringan sa pagitan ng Simbahang Katoliko at Protestante, at patuloy na pagpapalaganap ng paniniwala at adhikain ay nagdulot ng mga sumusunod na epekto:


- Nagkaoon ng dibisyong panrelihiyon sa Europa kung saan ang hilaga ay naging mga Protestante samantalang ang timog naman ay nanatiling Katoliko.
- Sa kadahilanang maraming mga turo ng Simbahang Katoliko ang taliwas sa tunay na aral ni Kristo, at iba pang pagmamalabis ng mga pari, marami ang humiwalay sa Simbahang Katoliko at nagtatag ng mga sekta ng Protestante tulad ng Calvinism, Lutheranism, Methodist, Anglican, Presbyterian at iba.
- Gumawa ng aksyon ang Simbahang Katoliko hinggil sa mga depekto ng kanilang relihiyon upang muling mapanumbalik ang dating tiwala ng mga tagasunod nito at pagbutihin ang pananampalatayang Katoliko. Ang ilan sa mga repormang kanilang mga ginawa ay ang pagpapawalang bisa ng seremonya na tumutukoy sa pagbenta at pagbili ng mga opisyo ng

simbahan; at ang pagbabawal sa pagtatalaga ng mga hari o karaniwang pinuno sa simbahan.

- Ang taliwas na ideya ng dalawang malaking relihiyon sa Europa (Katoliko at Protestante) ay nagresulta sa mahabang panahon ng digmaang panrelihiyon.
- At ang panghuli ay ang pagpapanumbalik na ispiritwal sa Kristiyanismo, ang pagpapalaganap ng Bibliya at ang doktrina ng kaligtasan ng Bibliya. Ang kaligtasan ay makakamit hindi sa pagsapi sa simbahan kundi ang pagtanggap at pagtiwala kay Kristo.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman



Tanong:

- Suriin ang mapa, noong taong 1650 paano nagkaroon ng pagkakahating panrelihiyon sa Europa? Anong napansin mo?



Tandaan Mo!

Ang repormasyon ay nagdulot ng mga sumusunod na epekto:

- Pagkakahati ng Europa sa dalawa: sa hilaga ang Protestante; at sa timog naman ay Katoliko.
- Pagkakabuo ng maraming sektang panrelihiyon tulad ng Calvinism, Lutheranism, Methodist, Anglican, Presbyterian at iba.
- Pagkakaroon ng reporma hinggil sa mga depekto ng Simbahang Katoliko, mga aral at gawi nito na taliwas sa turo ni Kristo.
- Pagsiklab ng mga digmaang panrelihiyon.
- Pagsisimula ng kasiglahan sa Kristiyanismo, ang paglaganap ng Bibliya at ang Biblikal na doktrina na ang kaligtasan ay nagmumula sa pananampalataya kay Kristo.



Gawain 3: Paglalapat

1. Nakatulong ba ang Repormasyon sa Simbahang Katolisismo? Ipaliwanag.

2. Suriin ang kasalukuyang Simbahang Katoliko, mayroon bang dapat baguhin sa pamamaraan ng kanilang paniniwala? Ipaliwanag.



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

- Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?
- ◆ Sa pagbagsak ng Roma noong 476 CE, nagtulong ang mga mamamayan at ang simbahan upang mapangalagaan ang kalinangan ng imperyo.
- ◆ Iba't-ibang pinuno sa iba't-ibang lugar ang namuno sa pagpapakilala at pagpapalaganap ng Kristiyanismo.
- ◆ Malaki ang ginampanan ng simbahan sa usapin ng suliraning ispiritwal at edukasyon tulad ng pagpapatayo ng paaralan na nagbigay sa kanya ng malaking kapangyarihan at karapatan upang tawaging estado.
- ◆ Ang pagkawala ng malakas na kapangyarihan ng Papa ay naging dahilan upang magkaroon ng mga kaguluhan sa loob ng simbahang katoliko.
- ◆ Ang pagkakaroon ng dalawang Papa na parehong nag-aangkin ng pagiging Banal na Ama, pagkakatatag ng mga nasyon estado, at ang rebolusyong intelektwal ang naging sanhi upang mawalan ng tiwala ang mga mamamayan sa tao at unti-unting kwestyunin ang mga aral at gawain ng simbahan.
- ◆ Ang pagpapalawak ng ari-arian at luho ng Papa, pagbenta sa opisyo ng simbahan, mga imoralidad at pagmamalabis ng mga pari at ang mga turo ng simbahan na taliwas sa aral ni Kristo ang nagbigay daan kina Wycliffe, Huss, Savaranola, at Erasmus sa pangunguna sa pag-aalinlangan at pagtatanong sa aral ng simbahan.
- ◆ Ang himagsikang panrelihiyon na pinasiklab ni Martin Luther ay nagresulta sa pakakahati ng Europa sa Katolikong Europa at Protestanteng Europa, at pagkakabuo ng maraming sektang panrelihiyon tulad ng Calvinism, Lutheranism, Methodist, Anglican, Presbyterian at iba.
- ◆ Naging babala sa Simbahang Katoliko ang matagumpay na paghihigmagsik ni Luther kung kaya't binuo ng simbahan ang Council of Trent, pinalakas ang Inquisition, at itinatag ang Society of Jesus na naglalayong pagbutihin ang pananampalayang Katoliko.

- ◆ Ang taliwas na ideya ng dalawang malaking relihiyon sa Europa (Katoliko at Protestante) ay nagresulta sa mahabang panahon ng digmaang panrelihiyon.
- ◆ Nagkaroon ng pagpapanumbalik na ispiritwal sa Kristiyanismo, ang pagpapalaganap ng Bibliya at ang doktrina ng kaligtasan ng Bibliya. Ang kaligtasan ay makakamit hindi sa pagsapi sa simbahan kundi ang pagtanggap at pagtitiwala kay Kristo.



PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Aklat ni Luther na nagpapakita ng pag-aalinlangan sa sakramento ng kasal, kumpil, ordeinasyon at pagpapahid ng langis.
 - A. 39 articles.
 - B. Index.
 - C. 95 theses.
 - D. The Babylonian Captivity of the Christian Church.
2. Kasunduang nilagdaan ni Charles V noong 1555 na tumapos sa mga sigalot panrelihiyon sa Germany
 - A. Diet of Worms.
 - B. Peace of Augsburg.
 - C. Treaty of Versailles.
 - D. Treaty of Tordesillas.
3. Aklat na isinulat ni Calvin na naglalaman ng mga paniniwala ng mga Protestante
 - A. 39 articles.
 - B. Index.
 - C. The Institute of the Christian Religion.
 - D. Augsburg Confession.
4. Iskolar na Ingles na naniniwala na ang Bibliya, hindi ang simbahan, ang makapagligligtas sa kaluluwa ng tao
 - A. John Huss.
 - B. Ulrich Zwingli.
 - C. John Wycliffe.
 - D. Martin Luther.
5. Isang lider sa Unibersidad ng Prague sa Bohemia na tumuligsa sa awtoridad ng Papa at ang kayamanan ng simbahan.
 - A. John Wycliffe.
 - B. Ulrich Zwingli.
 - C. Martin Luther.
 - D. John Huss.

6. Namuno sa Repormasyon sa Scotland
- | | |
|-----------------|-------------------|
| A. John Calvin. | C. John Huss. |
| B. John Knox. | D. John Wycliffe. |
7. Ang sentro ng ideya ng Pilosopo ni Calvin
- | | |
|--------------------|-----------------|
| A. Predestinasyon. | C. Kapatawaran. |
| B. Sakramento. | D. Kaligtasan. |
8. Kasulatang nagsasaad ng mga paniniwala ng mga Lutheran.
- | | |
|-------------------------|----------------------|
| A. Augsburg Confession. | C. 39 articles. |
| B. Treaty of Verdun. | D. Council of Worms. |
9. Isang grupong radikal na bumuo ng kaliwang sangay ng Protestantismo o ang mga “binyagang muli”
- | | |
|-----------------|-----------------|
| A. Lutheranism. | C. Calvinism. |
| B. Anabaptist. | D. Zwinglinism. |
10. Paniniwala na ang mundo ay isang seryosong lugar at ang mga tao ay nabubuhay rito hindi upang magsaya
- | | |
|-----------------|-----------------|
| A. Lutheranism. | C. Calvinism. |
| B. Anabaptist. | D. Zwinglinism. |
11. Paniniwala na hindi lahat ng sakramento ay mahalaga at kailangan ng mga tao
- | | |
|-----------------|-----------------|
| A. Lutheranism. | C. Calvinism. |
| B. Anabaptist. | D. Zwinglinism. |
12. Hindi sila naniniwala sa bisa ng sakramento sapagkat sila ay naniniwala na ang Diyos lamang ang makapangyrihan sa lahat
- | | |
|-----------------|-----------------|
| A. Lutheranism. | C. Calvinism. |
| B. Anabaptist. | D. Zwinglinism. |

13. Ipinagbabawal nito ang hindi pag-aasawa ng pari, paggamit ng Latin sa misa at pagiging tapat sa Papa
- A. Lutheranism.
 - B. Anabaptist.
 - C. Calvinismo.
 - D. Anglicanism.
14. Ito ay ang pagkakaroon ng paniniwala na tumutuligsa sa simbahan
- A. Indulhensya.
 - B. Heresy.
 - C. Ekskomulga.
 - D. Inkisison.
15. Ito ay ang pagpapatalik sa taong Katoliko at inaayawan ng lahat ng tao
- A. Indulhensya.
 - B. Heresy.
 - C. Ekskomulga.
 - D. Inkisison.
16. Papa na nagbuo ng samahang inquisition noong 1232
- A. Gregory IX.
 - B. Edward I.
 - C. Paul III.
 - D. Gregory VII.
17. Isang seremonyang panrelihiyon na binuo ng Inkisison ng Espanyol noong 1559 kung saan ang mga erehe ay hinahatulan
- A. Guillotine.
 - B. Garote.
 - C. Auto-da-fe.
 - D. Paglilitis.
18. Ang nangunang Papa sa Kontra Reformatyon na nagpulong ng mga kinatawan sa Trent
- A. Gregory VI.
 - B. Gregory IX.
 - C. Paul II.
 - D. Paul III.
19. Ang mga sumusunod ay naging epekto ng Reformatyon maliban sa isa
- A. Pagsilang ng Nasyonalismo.
 - B. Pag-unlad ng Merkantilismo.

- C. Paglaho ng lubusang pananalig sa Simbahan.
- D. Pagkakaroon ng kalayaan sa pananampalataya.

20. Ang mga sumusunod ay naging dahilan ng pagkabigo ng Protestismo sa Espanya maliban sa isa.

- A. Pagiging tapat na Katoliko ng mga maharlikang Espanyol.
- B. Pagtatatag ng Inkisisyon.
- C. Monarkiya ng Espanya.
- D. Pagbagsak ng Imperyong Spain sa mga Kolonya nito.



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANG-UNANG PAGESUSULIT

1. D
2. A
3. D
4. B
5. C
6. A
7. A
8. D
9. C
10. B
11. C
12. C
13. A
14. C
15. A
16. B
17. D
18. C
19. C
20. D

PANGWAKAS NA PAGESUSULIT

1. D
2. B
3. C
4. C
5. D
6. B
7. A
8. A
9. B
10. A
11. C
12. D
13. D
14. B
15. C
16. A
17. C
18. D
19. B
20. D